# Monkeypox: Q&A para sa mga Malapit na Pakikipag-ugnayan




**Gaano ko katagal kailangang subaybayan ang mga sintomas?**
Suriin kung may mga sintomas sa loob ng 21 araw pagkatapos ng huling malapit na pakikipag-ugnayan sa taong may monkeypox.



**Gaano ko kadalas dapat kuhanin ang aking temperatura?**
Suriin kung may lagnat dalawang beses bawat araw (umaga at gabi).

**Ano ang mga sintomas ang dapat kong asahan?**

- Lagnat ≥100.4°F
- Panginginig
- Bagong namamaga na mga lymph node (sa paligid ng leeg, kilikili, o singit)
- Bagong pantal sa balat



**Ano ang dapat kong gawin kung magkaroon ng lagnat at pantal?**
Kaagad na ihiwalay ang sarili at makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan.



**Ano ang dapat kong gawin kung magkaroon ng panginginig o namamagang lymph node?**

- Ihiwalay ang sarili sa loob ng 24 na oras at subaybayan ang temperatura.
- Kung magkaroon ng lagnat o pantal, makipag-ugnayan kaagad sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan.
- Kung hindi nagkaroon ng lagnat o pantal, ngunit nagpapatuloy ang panginginig o namamagang mga lymph node, makipag-ugnayan sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Hinango mula sa Centers for Disease Control and Prevention.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang nj.gov/health/cd/topics/monkeypox.shtml

Hulyo 8, 2022